Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

-114-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KAUTUSANG BAYAN BLG. XL-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Marcelo)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTITIBAY NG PAGPAPATAW NG BUWIS SA MGA MANANAYANG NANALO SA MGA PASABONG SA MAY PAHINTULOT NA SABUNGAN SA SANTA ROSA, LAGUNA.

YAYAMANG, itinatadhana ng Art. 100 (3) ng Rules and Regulations Implementing the Local Government Code of 1991 na may kapangyarihan ang Sangguniang Bayan na magpatawang buwis para sa pagtaas ng antas ng kapakanan ng sambayanan;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASIYA ang pagpapataw ng sumusunod na buwis sa mga mananayang nanalo sa mga sabong tulad ng sumusunod:

₱ 50.00/bawat sultada sa mga karaniwang Sabong
₱ 100.00/bawa't sultada sa mga PINTAKASI/SPECIAL SABONG (DERBY)

IPINASIYA din na atasan ang may-ari o Tagapamahala ng sabungan na sila ang magsulit ng kaukulang buwis sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

****

KAPASIYAHAN BLG. 80-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Catindig na pinangalawahan ni Kag. Dia)

ANG KAPASIYAHAN
na nagtitibay sa mga Kapasiyahang Barangay na isinulit ng Sangguniang Pambarangay ng Balibago at nagsasaad ng sumusunod:

KAPASIYAHAN BLG. 075-T92 - na humihiling sa Sangguniang Bayan na ipagawa o ipa-"repair" ang lahat ng sirang bahagi ng kalsada na nasa ilalim ng pamamahala ng Pamahalaang Bayan ng Santa Rosa, Laguna.

KAPASIYAHAN BLG. 082-T92 - na nagbibigay pahintulot sa Punong-barangay na makipag-usap sa may-ari ng Saint Francis Subdivision tungkol sa lupang

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

RUTINO P. PAPANGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

donasyon na balak pagtayuan ng Barangay Sports Center.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

****

Ang mga sumusunod ay tinalakay at pinagpasiyahang tulad ng sumusunod:

KAPASIYAHAN BLG. 076-T92 - na nagsasaad ng pagsusuog sa naunang panukala (Kapasiyahan Blg. 016-T89) kapasyahang humihiling sa Tanggapan ng Padaluyang Tubig sa pamamagitan ng Sangguniang Bayan ang paglalagay ng Fire Hydrant sa Bgy. Balibago ay inililiwat sa Tanggapan ng Pambayang Inhinyero.

KAPASIYAHAN BLG. 078 - na nagsasaad bg paghiling sa Sangguniang Bayan na paglaanan ng kaukulang halaga sa pagpapalapad ng daraanan (canal-pavement) ng mga batang mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Balibago at ito ay humigit kumulang sa 40 metro pahaba ay inililiwat sa Pamurok na Tanggapan ng Department of Public Works & Highways para sa kanilang pagsasalang-alang;

KAPASIYAHAN BLG. 079 - na nagsasaad ng paghiling sa Pamahalaang Bayan na malagyan ng telepono ang Barangay Hall at hinihiling din na sila ang magbayad ng pag-iinstala at buwanang konsumo nito ay inililiwat sa Pambayang Pinunó ng Badyet para sa kaukulang hakbangin;

KAPASIYAHAN BLG. 083 - na nagsasaad ng paghiling at paghingi ng mga kaukulang dokumento sa Sangguniang Bayan na naglilinaw ng tunay na hangganan ng Barangay Balibago (natural boundaries) na nagpapahayag ng pansamantalang maging basehan ang mga titulong lupain at pinagpasiyahan ding atasan ang Lupon ng Human Settlements na inihanda ang programa ng pagsasaayos ng mga hanganan ng mga barangay.

****

KAPASIYAHAN BLG. 81-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANTONTO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON O. MARCELO
Kagawad